# Kababaang-loob sa Panalangin

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Bong Guerrero
Oktubre 22, 2022

Ang panalangin ng may mababang-loob ay mapapansin ng Diyos. Ipinahayag ni Hesus na pinapakinggan Niya ang panalangin ng taong may mababang-loob. Ang taong nag-iisip na siya ay matuwid at nanghahamak ng kapwa ay hindi pwedeng makasundo ng Diyos. Kung naglilingkod tayo sa Diyos ng taos-puso, ang ating mga panalangin ay Kanyang dinidinig. Huwag tayong magsawa na manalangin nang may kababaang-loob at palalimin ang ating pananampalataya.

**1. Ano ang dapat nating malaman tungkol sa panalangin:**

1.1**. Manalangin lagi at huwag mapagod**. Maging matiyaga sa panalangin; huwag tumigil lalo na kung nakaharap sa kalaban at kahirapan, hanggang mapakinggan tayo ng Panginoon.

1.2. **Ang matiyagang panalangin ay nagpapanatili sa atin sa presensya ng Diyos sa bawat araw.** Magiging malapit tayo sa Diyos. Lagi Niya tayong sasamahan, palalakasin at ililigtas sa kapahamakan.

1.3. **Ang matiyagang panalangin ay nakatutulong sa pagtukoy ng ating mga kahilingan**. Kalimitan hindi natin nakukuha ang gusto natin, ngunit nakukuha natin kung ano ang ating kailangan.

1**.4. Ang kahalagahan ng matiyagang panalangin ay hindi sa pakikinggan tayo ng Diyos kundi mapakikinggan natin Siya.** Pakikinggan tayo ng Diyos kung iaayon natin ang ating dasal sa Kanyang kalooban.

1.5**. Ang matiyagang panalangin ay nagpapalalim ng ating pananampalataya**. Lumalalim ang ating pananampalataya sa Diyos sa mga sunod-sunod na kabiguan natin sa pananalangin.

1.6. **Ang panalangin ay hindi tungkulin kundi pribilehiyo.** Magpasalamat tayo sa Diyos sa pagbibigay Niya ng pribilehiyo sa atin na maka-ugnay Siya sa kabila ng tayo'y makasalanan.

1.7**. Hindi hinahamak ng Diyos ang makasalanan, hinahamak Niya ang taong nagkukunwaring matuwid.** Ang panalangin ng Pariseo ay hindi pinapakinggan ng Diyos dahil pinupuri lamang niya ang kanyang sarili. Sa kabaliktaran, nahihiyang humarap sa Diyos ang taga-singil ng buwis. Sa pagsuntok niya sa kanyang dibdib, ipinapakita niya ang kanyang pagsisisi at paghingi ng tawad. Totoong panalangin ang ipinakita niya, kaya nga't ito ay pinakinggan (Lucas 18:9-14).

1.8. **Mahal ng Diyos ang makasalanan**. Naniniwala ang Diyos na lahat tayo ay maaari pang magbago. Ang panalangin natin ng kapatawaran ay nangangailangan ng totoong pagsisisi. "Ang handog ko, O Diyos, na karapat-dapat ay pakumbaba't pusong mapagtapat"(Awit 51:17).

**Konklusyon:**

Patuloy tayong manalangin, huwag mawalan ng pag-asa at huwag susuko, kahit nasa gitna ng kabiguan at kahirapan. Kagaya ng sinabi ni Papa Francisco, "Lahat tayo'y makasalanan, at nawa hindi tayo hahayaan ng Diyos na maging epokrito. Ang mga epokrito ay hindi alam ang kahulugan ng pagpapatawad, kagalakan at pag-ibig ng Diyos". Ang ating pagtanggap at pag-amin ng kamalian ay magiging daan upang mapalapit at mapabuti ang ating relasyon sa Diyos.

**Pagninilay:**

Ano ang mga angkin mong mga kasamaan, kahinaan, at mga bisyo na hindi mo matanggap at maamin sa harap ng Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Panalangin, #Kababaang loob